PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

PILIPINAS

Sangguniang Panglungsod

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 10-012

**KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG TATLONG LIBONG PISO (PHP3,000.00) BAWAT KONSEHAL AT PANGALAWANG PUNONGLUNGSOD O KABUUANG HALAGANG LIMAMPU'T PITONG LIBONG PISO (PHP57,000.00) AT BILANG TULONG PINANSIYAL SA MGA NAULILA NG DATING KONSEHAL ROMAN E. NIEFES NA PUMANAW NOONG IKA-24 NG HUNYO, 2010, NA ANG PONDO AY KUKUNIN SA SPECIAL ACTIVITIES FUND (SAF) NG 2010 EXECUTIVE BUDGET.**

*******************************************************************************************

Ipinanukala ni: **Kgg. Pang. Punonglungsod Artemio A. Simundac**
***Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro***
***Kgg. Kon. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD***
***Kgg. Kon. Alexander B. Diaz***
***Kgg. Kon. Ringo A. Teves***
***Kgg. Kon. Luvi P. Constantino***
***Kgg. Kon. Robert A. Abas***
***Kgg. Kon. Inhr. Neptali S. Santiago***
***Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo***
***Kgg. kon. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla***
***Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday***

*******************************************************************************************

**SAPAGKAT,** si dating **Konsehal Roman E. Niefes** ay ama ng kasalukuyang Konsehal na si **Kgg. Bal Niefes** at nagsimulang maglingkod sa Pamahalaang Lokal ng Muntinlupa noong Hulyo 1, 1988 hanggang Hunyo 30, 1998;

**SAPAGKAT,** si dating **Konsehal Roman E. Niefes** ay naglingkod at nahalal ng may tatlong termino bilang Konsehal ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** sa panahon ng kanyang panunungkulan ay buong katapatan at sigasig na ginampanan ni dating **Konsehal Roman E. Niefes** ang kanyang tungkulin sa Lungsod ng Muntinlupa at lalo't higit sa mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ng isang mahal sa buhay ay lubhang nakalulungkot lalo na kung ang namayapa ay isang tunay na naglingkod sa bayan at mapagmahal na asawa at ama ng kanyang sampung (10) anak;

**SAPAGKAT,** sa kanyang kagalingan sa pagseserbisyo sa mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa, dalawa sa kanyang mga anak ang sumunod sa buhay serbisyo publiko sa katauhan nina Kgg. Bal Niefes at Kgg. Kgwd. Ting Niefes;

**SAPAGKAT,** sa panahon ng kanyang panunungkulan ay nagpamalas ng kanyang kakayahan, kahusayan at katapatan sa kanyang tungkulin para sa kapakanan ng nakararaming mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa;

*Pahina 2*
*Kapasiyahang Panlungsod Bilang 10-012*

**SAPAGKAT,** nararapat lamang na ang katulad ni dating **Konsehal Roman E. Niefes,** na naglingkod nang buong katapatan sa Lungsod, ay tulungan sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansiyal ng mga kasalukuyang nanunungkulang Kagagalang-galang na Konsehal;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng lahat ng Miyembro ng ***ika-Anim (6th) na Sangguniang Panlungsod*** na maglalaan ng halagang ***Tatlong Libong Piso (Php3,000.00)*** bawat Konsehal at Pangalawang Punonglungsod o kabuuang halagang ***Limampu't Pitong Libong Piso (Php57,000.00)*** bilang tulong pinansiyal sa mga naulila ng dating **Konsehal Roman E. Niefes** na pumanaw noong **Ika-24 ng Hunyo, 2010,** na ang pondo ay kukunin sa ***Special Activities Fund (SAF)*** ng 2010 Executive Budget.

**PINAGTIBAY**, ng 6th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong **ika-20** ng **Setyembre 2010**, sa ginanap na ika-***10th Regular na Sesyon.***

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. MGGL. RAUL R. CORRO**
*Miyembro*

**KON. MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**
*Miyembro*

**KON. ALEXANDER B. DIAZ**
*Miyembro*

**KON. RINGO A. TEVES**
*Miyembro*

**DITRITO II:**

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. INHR. NEPTALI S. SANTIAGO**
*Miyembro*

**KON. JOSELITO V. AREVALO**
*Miyembro*

**KON. ELMER S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. RAFAEL T. SEVILLA**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**LIBAN:**

**KON. BAL NIEFES**
*Miyembro*

**KON. DAN HUBERT A. BARLIS**
*Miyembro*

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Miyembro*

**KON. ROBERT P. BAES**
*Miyembro*

**KON. CELSO C. DIOKO**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**KON. DANN HENRY G. TEVES**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*

**PINATUTUNAYAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ______________

***Norie/***